

1

“Tama na ’yan, kailangan mo nang umuwi,” Rupert said as he tried to take the bottle of beer from his brother’s hand. They were inside an exclusive bar that his brother, Leo, frequented. “Lasing na lasing ka na. Dapat alam mo kung kailan hihinto. Itong batang ’to talaga.”

“I love...you, Kuya Rupert...alam mo ’yan, di ba?” the younger man slurred.

Rupert sighed. “Bakit ka na naman ba naglasing, Bunso? Mabuti na lang at nasa sulok tayo na hindi pansinin or else there would be bigger trouble. Baka kinuyog na tayo ng mga fans mo at ng mga reporter. Panigurado headline ka na naman bukas kapag nagkataon.”

Hindi maintidihan ni Rupert kung bakit halos buwan-buwan ay broken-hearted ang nakababatang kapatid, na mas kilala sa mga fans nito bilang si Gunner Gonzales, sa iba’t ibang babae. Kapatid niya si Leo sa ama pero aakalain mong buong magkapatid sila dahil malapit sila sa isa’t isa.

Hindi tulad niya na mas pinili ang tahimik na buhay bilang investment banker ng isang sikat na bangko, ang kapatid niya ay lumaki na sa harap ng kamera. Leo was three years old when he became a child actor.

“Kuya, sabihin mo nga sa akin kung ano’ng kulang sa akin?” the younger man garbled after taking a swig from his bottle. “Gwapo naman ako, sikat naman ako, in fact, tinitilian

ako ng mga babae pero 'yung mga babaeng nagugustuhan ko—" he stopped as he hiccupped, "—ay ayaw sa akin," he finished, and gulped down the contents of his beer.

Rupert, who was seven years older than his eighteen-year old brother, shook his head in disbelief. "Walang kulang sa 'yo."

"Meron...meron, Kuya...kasi bakit gan'un...bakit hirap...ang mga babaeng 'yan...na mahalina...ako—"

"Tama na nga 'yan." Rupert pulled the bottle away. "Halika na. Ihatid na kita sa inyo."

"Sagutin mo...muna ako, Kuya...ano ang...kulang sa...akin?"

"Gusto mong malaman ang totoo?" Rupert asked. The younger man nodded. "Kulang ka sa pageseseryoso."

"Seryoso...ako."

"Anong seryoso? Akala mo lang 'yun. Ano ba ang tingin mo sa mga babae, ice cream na may flavor of the month?" Unlike Leo, Rupert was in a five-year relationship. "Kapag nagmahal ka, pangmatagalan 'yan, hindi 'yung ihi ka lang ay iba na ang gusto mo paglabas mo ng banyo."

"Hindi ako...gan'un, Kuya—"

"Sus. Noong nakaraang buwan iniyakan mo si Annie, the month before, si Girlie. At three months ago ay halos magpakamatay ka na dahil kay Trina. Meron bang pusong gan'un kabilis magbago? Napaka-versatile naman yata niyang puso mo? Pati ba 'yan ay nag-aartista?"

His brother laughed out loud.

"O, kita mo 'to. Magtatanong pero tatawa lang. 'Yun ang totoo, Bunso, nararamdaman ng mga babae 'yan. Bakit sila magpapauto sa 'yo? Matalino na ang mga babae ngayon.

Besides, sino ba 'yang mga nagugustuhan mo? Mga leading lady mo kadalasan. Kaya parating nangangamoy-gimmick lang ang panliligaw mo.”

“Kuya, ano’ng magagawa...ko kung bawat buwan ay iba-iba ang...tinitibok ng puso ko?” Leo incoherently replied. “Is that...is that...even my fault?”

“Hindi mo kasalanan at ayokong makipagtalo sa 'yo. Ang ibig sabihin lang ay hindi ka pa nakahanap ng taong mamahalin.”

“Pero itong si Patricia, Kuya...sigurado akong siya na talaga,” Leo drunkenly insisted.

“Si Patricia? Si Patricia Gregorio? 'Yung kasama mo ngayon sa isang movie project at pamangkin ng direktor n'yo?” Rupert asked. His brother nodded. “Ang tindi mo, Bunso. Ngayon kahit may boyfriend, talagang pinapatos mo na?”

“Iba siya, Kuya...”

“Isn't she five years older than you? Although, age does not really matter in a relationship, pero kailan ka pa nahilig sa mga babaeng mas matanda sa 'yo?”

“Iba 'to, Kuya...maniwala ka...iba 'to,” Leo replied.

Rupert laughed. “Noong nakaraang buwan ang sabi mo ay mahilig ka sa babaeng petite dahil 'ka mo cute at parang gusto mo silang protektahan. The month before, mahilig ka sa mga babaeng mestiza dahil sabi mo ay makakasigurado kang magaganda at gwapo ang magiging anak ninyo. And two months ago ay gustong-gusto mo ang mga babaeng may braces at kulot ang buhok. Hindi ko na maalala kung ano ang rason mo basta 'yun ang sinabi mo.”

“Tama ka, Kuya... Tama...” Leo nodded drunkenly.

“Naguguluhan na ako sa ’yo, Leo, at ang totoo ay ipinagdarasal ko na nga na sana ay makahanap ka na ng babaeng gugustuhin mo talaga para hindi na kita parating sinusundo rito sa bar na ’to.”

“Pero mahal...ko si Patricia, Kuya,” Leo said as he pointed to his chest. “Siya na ang...tinitibok nito.”

“Gago. Na naman? Parang kung sino ’yung nakakatrabaho mo ay ’yun ang nagiging gusto mo. Tara na nga, iuuwi na kita sa inyo,” Rupert said before he rose to his feet.

He motioned for Leo’s bodyguards to help him carry his brother. One of the floor managers assisted them in their exit, guiding them toward a secret door that led out directly to the VIP’s parking area.

“Come again, Sir!” the manager said.

Rupert nearly rolled his eyes. “Salamat,” he replied.

“Ingat po kayo,” the manager added before closing the door behind them.

“Kita mo na, kapag pumupunta ka rito ay natutuwa ang manager nitong bar dahil alam niyang uubusin mo ang lahat ng alak nila.”

“Patricia—” Leo groaned. Rupert shook his head.

“Patricia, mahal...na mahal kita—”

“Loko-loko talaga ’tong batang ’to, buwan-buwan na lang.”

They reached Leo’s van and Rupert helped his brother’s guard hoist the young man inside.

“Susunod ako. Idiretso n’yo sa condo niya,” he told the guards. They nodded and got inside the van, too.

Pinanood muna ni Rupert na umalis ang sasakyan ng kapatid bago naglakad patungo sa sarili niyang kotse. Narinig

niyang tumunog ang kanyang telepono at agad niya iyong kinuha mula sa bulsa.

Naku, patay na, he thought upon seeing who was calling him. “Tita, good evening po.”

“Are you with Leo, Rupert?” Lorelie, Leo’s mother, asked. Her voice was tinged with worry. “Hindi pa kasi siya nakakauwi at nag-aalala na ako. Tumawag ako sa condo niya pero wala ring sumasagot at ’yung mga bodyguards niya parehong hindi matawagan ang mga telepono. Diyos ko, baka napaano na ’yung kapatid mo at mukhang nakapatay ang cell phone niya.”

“Tita, okay na po. Magkasama po kami. Mukhang low-batt po yata ’yung telepono niya kasi pati po ’yung pag-uusap namin kanina ay hindi natapos. Mabuti na lang po at alam ko kung saan po siya pupuntahan.”

“Oh, thank God. I was really worried. Is he okay? Katabi mo ba siya? Pwede ko ba siyang makausap?”

“Um...” Rupert knew that his brother’s mother would worry but his conscience wouldn’t let him lie. “Medyo nakainom po, eh.”

“Na naman? Rupert, what’s wrong? Ano na naman ba ang problema ng batang ’yan?”

“Naku, ’wag po kayong mag-alala. Ang totoo, *medyo* lasing lang naman po at pinauwi ko na po.”

“Ano na naman ang dahilan at naglasing na naman?”

“’Yung dati pa rin po.” Rupert couldn’t help smiling.

“Babae na naman? Diyos ko, ’yang batang ’yan talaga. Maiintindihan ko pa sana kung naging girlfriend niya ’yung mga babaeng dahilan ng paglalasing niya, eh, hindi naman!”

“Tita, kilala n’yo naman po si Leo. Kahit maliit na bagay

ay dinidibdib po n'un. Napaka-sensitive ng batang 'yun."

"Oo nga, pero nakakaloka lang na ilang beses na 'yang naging broken-hearted pero kahit kailan ay hindi pa nagka-girlfriend!"

Rupert laughed out loud.

"Puntahan ko nga 'yan at nang mapagalitan! Ang sarap minsan paluin niyang batang 'yan, eh!" Lorelie said and Rupert laughed louder.

The woman sighed. "Rupe, pasensya na, ha. Humihingi ako ng dispensa kasi ikaw parati ang ginugulo niyang batang 'yan tuwing nalalasing."

"Tita, kapatid ko po si Leo kaya wala po kayong dapat ihingi ng pasensya. Matulog na po kayo, anong oras na po pero gising pa rin po kayo. Wala po ba kayong yoga bukas?"

"Meron. Kaya nga naiinis din ako, eh. Tumataas ang stress level ko d'yan sa kapatid mo."

"Huwag na po kayong mag-alala, okay na po lahat."

"O, sige. Maraming salamat talaga. Mag-ingat ka sa pagmamaneho and tell your mom I said hello."

"Makakarating po, Tita," Rupert replied before the line died. He got inside his car and drove off.

Leo only learned about him barely five years ago. Pero si Rupert ay matagal nang kilala ang kapatid dahil parati niya itong napapanood sa TV at pelikula. But he never found the guts to step forward to introduce himself. Until one day, when Leo was filming at the bank where he was a trainee, the teenager sought him out and introduced himself. The rest was history.

Rupert had no other siblings and he was uncomfortable at first that Leo seemed to want to be around him. Pero

nasanay na rin siya sa kakulitan nito at nasanay siyang sa kanya ito tumatakbo kapag nagkakaroon ng problema na kadalasan ay babae.

Tumunog ang telepono niya habang nagmamaneho siya at ikinabit niya ang hands-free kit sa kanyang tainga.

“Sir Rupert, nasa basement parking na po kami ng condo,” he heard his brother’s driver say.

“Okay, Allan. Dating gawi. Pakitawagan si Manong Oscar, ’yung kadikit nating guwardiya d’yan para tulungan kayo sa pag-aakyat kay Leo. Make sure no one sees him.”

“Sige po, Sir.”

Rupert wanted to chalk Leo’s behavior off to *growing up* but he knew that his brother had a bigger issue—malungkot ito sa buhay at pakiramdam nito ay nakakulong ito sa isang mundo na hindi nito pwedeng iwan dahil iyon ang bumubuhay rito at sa pamilya nito.



Margareth Grace ‘Mage’ Gregorio stared at the canopy of her bed unseeingly. She had just arrived from the U.S. a few hours ago and she somehow felt lonely being back in her old bedroom.

Mage’s parents divorced when she was just eight years old and she had been living with her mom since then. She no longer harbored any kind of bitterness toward her parents. Tanggap na niya na may mga taong nagpapakasal at tumatandang magkasama at may mga taong nagpapakasal, nagsasawa at naghihiwalay.

“Anak?” She heard her father knock and she got off her bed to open the door for him.

“Yes po, Daddy?” Mage opened the door wider to let him

in.

“Are you okay? Do you need anything?”

“Naku, okay na okay po. Pasok po kayo,” she offered.

“Hindi na, may lakad ako ngayon. I am just here to check on you. Has your fever gone down?” He felt her forehead using his left hand. “May lagnat ka pa rin. Do you want me to take you to the hospital? I can always reschedule—”

“Dad, don’t worry about me,” she cut her father off with a smile. “I know what it entails to cancel a shooting at ayoko na pong ma-hassle pa kayo. ’Yung weather lang siguro, kaya po ako may lagnat. I’ll be fine, ’wag n’yo na po akong alalahanin.”

Margareth was grateful that her mother never decreed that she stop communicating with her dad after the divorce. Ang parating sinasabi ng mommy niya noon na ito lang daw at ang daddy niya ang may problem at labas na siya sa problemang iyon.

“Are you sure you’re going to be fine all by yourself? I really am worried.”

“Opo.”

“Gusto mo bang sumama sa akin?” Teo asked his daughter.

“Hindi na po. Next time po siguro.”

“Magpahinga ka para gumaling ka kaagad. Gusto kitang dalhin sa shooting ko para makita mo how your old man works.”

“I am looking forward to that, Dad. Hindi bale po, itutulog ko lang po ito. Itong shooting ninyo ngayon, kasama po ninyo si Ate Patricia, di po ba?” She was referring to her older cousin who temporarily lived with her father when her

condo unit was being renovated.

Parehong nasa ibang bansa ang mga magulang ni Patricia, pati na rin ang nag-iisa nitong kapatid na si Jasper. Mas pinili ng pinsan niyang manatili sa Pilipinas para maging artista katulad ng ina nito noong kabataan.

“Oo, bukas pupunta siya rito, nagsabi na sa akin. May prior engagement kasi siya ngayon kaya hindi nakasamang sumundo sa ’yo sa airport. ’Yung kuwartong katabi nitong kuwarta mo ang ginamit niya n’ung nandito siya.”

“Oo nga po, naikuwento niya po sa akin n’ung minsang nagkausap kami sa *Skype*,” Mage said with a smile before she winced.

Teo’s brows immediately furrowed. “Are you okay, anak?”

“Kumirot po ulo ko. Dad, meron po ba kayong *Tylenol* dito? Or any fever-relief medicine?”

“Wala. You know how your old man is, I rarely get sick. At kung masama man ang pakiramdam ko ay dumederetso kaagad ako ng ospital dahil ayokong lumala ang sakit ko at kailanganin kong mag-reschedule ng shooting.”

“Napaka-workaholic n’yo po talaga, Dad. Kahit sa sakit, iyong trabaho n’yo pa rin po ang iniisip ninyo,” Mage said.

Teo caught the tinge of sadness in her voice. “I can always cancel today’s shooting for you, anak—”

“No. Hindi na po kailangan. I’m a big girl now. Kayang-kaya ko na po ang sarili ko.”

“Somehow that makes me sad,” Teo replied, and gave a little laugh.

“Really, Daddy, I’m fine. Sige na po, baka po ma-late pa kayo.”

“Teka, magpapabili ako ng gamot mo.”

“Hindi na po, Dad.”

“No, may malapit namang botika dito—”

“Hindi na po, okay lang po talaga ako,” Mage insisted.

Her father’s face softened. “Ang anak kong mahilig sa *‘I’ll be fine’* at *‘okay lang po ako,’*” he teased, rumpling her hair. “Alam mo naman ang number ko, di ba? Gamitin mo itong isang telepono ko para hindi mo na kailangan pang bumili ng panibagong sim para d’yan sa telepono mo. Naka-save na rito ang number ko at ni Patricia. O, siya, aalis na ako. Give Daddy a hug.” She wrapped her arms around her father’s middle. “I love you, Margareth. I love you so much, anak.”

“I love you very much, too, Dad. Mag-ingat po kayo, ha.”

“Oo naman. Ikaw, magpahinga ka. Kapag nagutom ka, tawagin mo ang isa sa mga katulong para maipaghanda ka nila ng pagkain.”

“Okay po. Bye, Dad.” She kissed her father’s cheek before he left.

Mage immediately lay down on her bed and groaned as the action made the pain in her temple more unbearable.

“Matulog ka na, Mage. Mawawala rin ’yan,” she quietly told herself before resolutely closing her eyes.



Rupert looked at his brother’s sleeping form and let out a deep breath. Ang sabi ng isa sa mga bodyguards nito ay sumuka raw si Leo sa elevator dahil sa kalasingan. Ngayon, ay kinakabahan siya dahil ayaw niyang maging headline na naman ng diyaryo ang kapatid kinabukasan. The media had labeled Leo as a rebellious teenager and he shivered at the hype his brother’s bout of negligent drunkenness tonight would cause.

“Itong batang ’to talaga,” he murmured as he pulled out a blanket from one of the closets and covered the teenager with it.

He heard a knock and he walked to the door to open it.

“Sir, nagpaalam po ako noong nakaraang linggo pa kay Sir Gunner na uuwi ako ng probinsya dahil birthday po ng nanay ko ’tapos sa susunod na linggo naman po ay death anniversary ng tatay ko,” Rolando, one of the bodyguards, informed him.

“Gaano po kayo katagal mawawala, Manong Rols?”

“Ang sabi po kasi ni Sir Gunner ay pwede akong magbakasyon kahit po tatlong buwan,” sagot nito.

Rupert frowned. “Tatlong buwan? Bakit naman po ang tagal?”

“Yan po ang sabi ni Sir Gunner, Sir Rupert. Ang totoo nga po ay sinuwelduhan niya kaming tatlo kasama ang driver na si Allan at pinagbabakasyon. Sabi niya po paid leave daw.”

Itong batang ito, puro kabulastugan ang alam, isip-isip ni Rupert.

Alam niya na ayaw ni Leo na may sarili itong driver at bodyguards dahil gusto nitong magmaneho ng sarili nitong sasakyan at makapaglakwatsa nang walang nagbabantay.

“Baka naman po pwedeng isang linggo lang kayo.”

“Naku, Sir, ang sabi po ni Sir Gunner ay kapag tinapos daw namin ang bakasyon namin bago ang tatlong buwan ay mawawalan daw po kami ng trabaho. Kung sakaling kailangan naman niya raw po kami ay tatawag daw siya.”

Pambihira itong batang ’to!

“O, sige po. Ingat po sa biyahe.”

“Okay, Sir.”

Erning, the other bodyguard stepped forward.

“Magpapaalam na rin po ako, Sir.”

Allan, the driver, did the same. “Ako rin po, Sir.”

“Sige po. Mag-ingat po kayo sa biyahe.” Rupert followed the three men to the door and closed it behind them.

“Napakapasaway nitong batang ito. Sumakit tuloy ulo ko,” Rupert murmured to himself before he took his phone out of his pocket to dial his fiancée’s number. “Hello, Babe,” he said over the phone and sighed. “Babe, pasensya na hindi kita natawagan kanina, itong kapatid ko kasi...”



Leo bolted upright and ran to the bathroom to throw up. Sa dami ng isinuka niya, pakiramdam niya kasama niyang inilabas pati mga lamang-loob niya.

“Shit, nasukahan ko ang T-shirt ko,” he whispered to himself and took his shirt off. He rose to his feet and stood under the shower. Groaning, he leaned his head against the tiled wall.

He felt dizzy, alone, lonely and miserable. Hindi niya alam kung bakit kahit napapaligiran siya ng madaming tao, pakiramdam niya ay mag-isa pa rin siya. Hindi niya rin maintindihan kung bakit hindi buo ang tingin niya sa pagkatao niya samantalang hindi naman siya mag-isa dahil nandiyan naman ang mama niya at ang kuya niyang si Rupert.

“Patricia—” he drunkenly called out as he let the cascading water wash away his misery. “Ano pa ba ang kailangan kong gawin para mapansin mo, ha?” He paused and stared at his wet pants and rubber shoes. “Langya, hindi ko pala natanggal ang pantalon ko.” He laughed as he took

his clothes off and haphazardly discarded them on the floor.

He soaped himself and applied shampoo onto his hair as he thought of ways to have her notice him. “Kulang na lang magtapat ako sa ’yo, eh. Bakit hindi mo hiwalayan ’yang boyfriend mo at maging tayo na lang? Lahat na lang ginawa ko pero di mo ako pinapansin!” He rinsed himself.

Stepping out of the shower, he immediately brushed his teeth and stared at his reflection on the mirror. “Sa gwapo kong ’to, ayaw mo pa rin sa akin?” he asked after spitting the toothpaste out. “Ano’ng gusto mo, ha? Puntahan kita at sabihin ko sa ’yo nang harapan na mahal—”

He frowned at his reflection, the fog temporarily lifting off his mind.

Nantutsa! Paano naman pala niya ako sasagutin, eh, hindi pa ako nagtatapat! He grinned to himself as a plan formed inside his head.



Margareth moaned in pain as her head continued to throb. She got up from her bed to rummage her bag for whatever medicine that she might have brought with her and sighed when she found nothing.

Pwede naman siyang mag-utos sa isa sa mga katulong ng daddy niya, pero nahihiya siya dahil anong oras na at ayaw niyang mambulabog ng tao.

Baka meron sa medicine cabinet sa banyo. She headed toward the bathroom and nearly cried out in frustration when she found it empty.

“Wala man lang kahit anong gamot itong pamamahay na ’to?” She went out of her bedroom to check the room her cousin used.

She was so relieved to see a small blue box inside the medicine cabinet.

“*Sleepasil*,” she read out loud. “Food supplement,” she recited the description. “Food supplement na pampatulog? Hmm...” Siguro kung hindi lang talaga masakit ang ulo niya ay magdadalawang-isip siyang inumin iyon. But the throbbing pain in her head made her feel so desperate.

‘Tsaka hindi naman siguro mag-iiwan dito si Ate Patricia ng gamot na makakasama...

Bringing the medicine with her, she went down to the kitchen to get a glass of water.

Pagkatapos niyang inumin ang gamot ay bumalik siya sa kuwarto niya at humiga sa kama. *Gaano kaya katagal bago umepekto ‘yung gamot?*

She got up again and decided to go to the terrace to get some fresh air, unaware that someone was staring at her from the darkness.

Patricia? Leo asked himself as he squinted from inside his car. *Kailan pa humaba ang buhok ni Patricia? Nagpalagay ba siya ng extensions?*

He peered at the girl again.

Hindi siya pwedeng magkamali. Iyon ang kuwarto ni Patricia. Alam niya dahil noong minsang inimbitahan silang lahat ni Direk Teo, na tito ni Patricia, sa pamamahay nito para sa isang party ay doon niya nakita ang dalaga na kumaway sa kanila noong paalis na sila.

“D’yan ba o d’un sa katabing kuwarto?” he asked himself, his mind still foggy.

The girl yawned before going back.

Leo hastily got out of his car.

It was pure luck on his part na kilala siya ng guard ng subdivision kaya pinapasok siya. Ang sabi nito ay fan niya ang bunso nitong anak. Mabuti na lang at pinagbigyan niya ito dati noong humingi ng autograph sa kanya.

Pero paano ako makakapasok sa bahay ni Direk Teo? He stared at the thirty-foot concrete fence surrounding the director's palatial house. Had he been sober, he would have run back to his car and left.

But he was drunk and his logical reasoning was overpowered by a mixture of whisky and beer. “Kaya ko ’to!” He started climbing the tall tree near the fence.

Tatlong beses siyang muntikang mahulog at ganoon na lang ang saya niya noong narating niya ang terrace.

“Pero kung naka-lock ’to, patay.” He was relieved when the glass sliding door moved when he pushed it sideways.

He held his breath as he stepped into her room.

“Patricia?” he whispered in the dark. “Patricia, si Leo ’to... Patricia—aray ko!” He tripped but immediately recovered.

The room was pitch-dark and he waited for his eyes to get accustomed to the darkness until he could make out Patricia's sleeping form on top of the bed.

He nearly ran toward her but he stopped himself.

Paano kung madapa ako habang tumatakbo?

He wouldn't want her to think that he was childish so he took his time, walking like a real gentleman before he knelt down beside her to profess his feelings.

“Alam kong magagalit ka sa kapahangasan ko, pero hindi ko na matiis na hindi ipabatid ang nararamdaman ko sa ’yo. ’Ika nga, it's now or never,” he said and sighed deeply. “Mahal kita kahit hindi pa tayo gaanong magkakilala. Alam

kong baduy pakinggan, pero ipinapangako ko na paliligayahin kita, aalagaan kita at ikaw ang kahuli-hulihang babaeng mamahalin ko. Hindi ako magsasawang pagsilbihan ka kasi nararapat ka naman talagang tratuhing parang reyna,” he said and frowned because *Patricia* did not move or display any indication that she heard him. “*Patricia?*” he asked as he rose to his feet to peek at her face.

Ang bilis naman nitong nakatulog, eh, kapapasok lang nito rito kanina?

He nearly yelped in surprise when she groaned and turned toward him.

“*Patricia? Patricia, si Gunner ’to, um...narinig mo ba ang sinabi ko? Patricia...*”

But she didn’t reply.

Wala, tulog na tulog yata, he thought with a defeated sigh.

He decided to just leave. Ano naman ang magagawa niya kung tulog at ayaw magising ng babaeng gusto niyang maging girlfriend?

“*Alis na ako, Patricia. Sige...*”

He was starting to move away from her bed when she sleepily grabbed his hand.

“*Dad...dy?*” she mumbled.

Leo looked at the hand holding his.

Silently, he sat down on her bed to take off his shoes before he lay down beside her.

2

“Direk! Talagang may biglaang party para sa pagdating ng *unica hija* mo, ha,” tukso ni Mario na isa sa mga reporters na inimitahan ni Direk Teo sa kanyang bahay para sa surprise party para sa anak.

“Oo naman.”

“Mahal na mahal mo talaga ang batang ’yan, Direk!”

“Natural, nag-iisang anak ko si Margareth at siyempre gusto kong makilala n’yo siya. Proud na proud ako siyempre sa kanya. Alam n’yo bang balak din ng dalaga kong maging direktor katulad ko?” buong pagmamalaki niyang sabi.

“Parang kailan lang, Direk, karga-karga n’yo si Margareth sa set at ngayon ay dalaga na siya at mag-aaral na ng Film!”

“Oo nga, hindi rin ako makapaniwala. Ang bilis ng panahon.”

“Siguro napaka-*Westernized* na ni Margareth dahil ilang taon na ba siyang nanirahan sa ibang bansa?” tanong ng columnist na si Hilda, isang matalik na kaibigan ni Direk Teo.

“Ang masasabi ko lang, lumaking maayos na bata si Margareth. Ni walang kolorete sa mukha n’ung sinundo ko sa airport. Nakapantalón, T-shirt at rubber shoes nga lang n’ung dumating. Napakasimpleng bata. Mahinhin, medyo mahiyain at ang pinong kumilos.”

“Eh, di mabuti, Direk, kung gan’un. Kasi, di ba, ’yung pamangkin ni Orly, Diyos ko po, n’ung bumalik dito sa

Pilipinas ay sobrang wild na 'yung bata. Kung saan-saang party mo makikita at kung sinu-sinong lalaki ang kasama. Kaya 'ayun tuloy najuntis kaagad."

"Oo nga. Kaedad lang 'yun ni Margareth, di ba?" Bambi, another reporter, commented.

"Mas matanda yata ng isang taon 'yun."

"Naku, hinding-hindi 'yan mangyayari sa anak ko dahil pinalaki 'yun ng mommy niya nang maayos. Kung mayroon mang bagay na sobrang magkasundo kami ni Sandra, 'yun ay kung paano palakihin si Margareth."

"Speaking of Margareth's mom, kumusta naman po ang ex-wife ninyo, Direk?" Carol, a TV host, asked.

Direk Teo smiled. "We're good friends," he replied in a tone that suggested that they all drop the issue.

"Direk, tumawag po si Patricia at paparating na daw po siya," Lino, Direk Teo's personal assistant, informed him.

"Mabuti, hinahanap nga siya ng pinsan niya kagabi," he said with a smile before turning to one of the helpers. "Rosalie."

"Po?"

"Na-check mo ba ang dalang pagkain ng caterers? Halos triple ang ibinayad ko sa mga 'yan dahil last minute ang pag-avail ko ng services nila kaya dapat maayos."

"Na-check ko na po, Sir."

"Good."

"Direk Teo!" someone excitedly called out.

Direk Teo automatically turned to the direction of the voice. "Eleonora!" he enthused. "I am glad nakarating ka!"

"I wouldn't miss this for the world. O, ano, nasaan na si Margareth?"

“Mukhang tulog pa yata, may jet lag at may sinat kagabi.”

“Naku, kawawa naman ang inaanak ko. Ang tagal ko nang hindi nakita ang batang ’yun. Sigurado akong lalo siyang gumanda!”

“Hindi sa pagmamalaki, pero tama ka, napakagandang bata. Pwedeng-pwede ngang mag-artista.”

“O, bakit hindi n’yo na lang yayaing pumirmi dito si Margareth at ipasok n’yo na lang siya sa showbiz?” someone asked.

Direk Teo shook his head. “Walang interes sa pag-artista. Ang sabi niya mas gusto niya daw na nasa likod siya ng camera.”

“Manang-mana talaga sa inyo, Direk!”

“Saan nga ba mag-aaral si Margareth ng Film, Direk?”

“Pumasa sa NYU.”

“New York University? Aba, big time!”

“Napakasuwerte ko dahil mabait at matinong bata ang anak ko. Isipin mo namang pagbigyan pa akong umuwi siya rito when she could just have spent her vacation with her friends?”

“Tama! Napakasuwerte n’yo nga sa anak n’yo, Direk! Pero, maiba tayo. Bakit wala yata si Gunner ngayon, Direk?” tanong ni Mario. “Hindi ba siya invited?”

“Inimbita ko. Katunayan ay pinadalhan ko pa ng text message kagabi na pumunta rito pero hindi naman nag-reply. Alam mo rin naman ang batang ’yun, busy para sa preparation ng nalalapit niyang concert.”

“Balita ko may kinababaliwang babae raw itong si Gunner, Direk. Kilala n’yo ba kung sino?” hirit ng isang reporter.

“Hindi ganyan ang narinig ko, Manay! According to a very reliable source ay meron daw siyang girlfriend na non-showbiz,” sabat ni Mario.

“Hindi, Manay! Naghiwalay na yata sila niyang babaeng ’yan. According to my source, masyado raw seloso itong si Gunner kaya naman hindi kinaya ng jowa, at ’ayun nakipaghiwalay.”

“Yan din ang narinig ko. In fact, may nakakita raw kay Gunner na naglalasing sa isang bar noong nakaraang linggo!”

“Mali lahat ng tsismis ninyo dahil ang sabi sa akin ng source ko ay may girlfriend talaga itong si Gunner. Matagal na. Itinatago niya lang dahil alam n’yo naman ang mga fans kung gaano kaselosa. Pero itong babaeng ito, parang nasa ibang bansa raw at kadalasan kapag nawawala si Gunner sa sirkulasyon ay dahil nand’un siya kasama ang girlfriend niya!”

“Ay, juicy!” Mario exclaimed, clapping his hands.

“Ano ba naman kayo? Tama na nga ’yan at pabayaang n’yo na ’yung bata,” saway ni Direk Teo. “Natural nagbibinata kaya natural lang din na magkaroon ng nobya. Lumaki na sa harap ng camera ang batang ’yun at nakakaawa naman na bawat galaw niya ay napupuna ng media.”

“Pero totoo ba na pinopormahan ni Gunner si Patricia, Direk?”

“Walang katotohanan ’yan. Alam naman nating lahat na may boyfriend si Patricia,” Direk Teo dismissively said.

“Direk, nandito na po ’yung ibang talent managers!”

“Sige, Lino. Excuse me muna, lalabasin ko lang ang ibang mga bisita,” paalam n Direk sa mga kausap.

“Sayang at wala si Gunner, gusto ko pa naman siyang ma-

interview.”

“Tama ka, Manay! Ako rin gusto kong malaman kung sino ’yung babaeng kinababaliwan at itinatago raw niya!”

“Bambi, Mario, ’wag n’yo akong kakalimutang tawagan kung may bago kayong scoop, ha. Alam n’yo ’yan.”

“Queen Mother Eleonora, ikaw pa ba naman ang makakalimutan namin?” pabirong sagot ni Mario at nagtawanan ang tatlo.



Rupert woke up and rubbed his eyes with his hands. He stretched languidly as he stood up to check on his brother. Napasarap ang kuwentuhan nila ng girlfriend niyang si Riza at madaling araw na siyang nakatulog.

“Leo?” He knocked on his brother’s door. “Leo?” he called out again as he opened the door and came face-to-face with his brother’s empty bed.

Agad-agad siyang lumabas at pumunta sa kusina pero wala rin doon ang kapatid. Binuksan niya ang isa pang kuwarto pero wala ring tao roon. Bumalik siya sa kuwarto ni Leo at binuksan ang banyo.

Shit, mga basang damit! Saan na naman nagpunta ang batang ’yun?

He ran back to his bedroom, picked up his phone from the side table and called his brother’s number. He cursed loudly when he heard the familiar canned reply telling him that the number was currently unavailable.

Pinuntahan niya ang kuwarto ng kapatid at kinuha ang cell phone nito na nakasaksak pa sa charger.

Sana umuwi siya sa bahay nila, sabi niya sa isip habang hinihintay na sagutin ng mommy ni Leo ang telepono.

“Good morning, Rupert!” Lorelie greeted him. “Nand’yan pa rin ba kayo sa condo ni Leo? Pupunta ako d’yan para dalhan siya ng groceries. May dala rin akong pagkain kasi alam kong wala na namang laman ’yang ref ng kapatid mo kundi puro tubig at softdrinks.”

Ruper inwardly groaned.

“Tita...”

“Bakit? Is there something wrong?” Lorelie’s tone immediately changed. “Rupert, ano’ng nangyari sa kapatid mo?”

“Kasi po, Tita...”

“Ano nga!”

“Si Leo po, nawawala.”

“Paanong nawawala? Hindi ba’t nakauwi na siya d’yan sa condo kagabi?”

“Pagkagising ko po wala na po siya sa kuwarto niya.”

“Have you checked the other rooms? O, baka lumabas lang saglit at may binili. Nand’yan ba ang mga bodyguards niya? Baka kasama nila ang anak ko!” Leo’s mother was starrng to sound hysterical.

“Tita, umalis po sila kagabi kasama po ng driver. Pinagbakasyon daw po sila ni Leo ng tatlong buwan.”

“Ano, bakit hindi ko alam ito?”

“Akala ko naman po ay alam ninyo kaya hindi ko na po kayo tinawagan kagabi.”

“Yang batang ’yan talaga, malilintekan ’yan sa akin!”

“Tita, may alam po ba kayong mga kaibigan ni Leo na pwede niya pong puntahan?”

“Wala! Hindi naman palakaibigan ’yang kapatid mo. Wala siyang ka-close. Ikaw lang ang palaging kasama n’un, di ba?”

Kilala mo naman ang kapatid mo!”

“Sorry po, Tita—”

“Sorry din, Rupert. Pasensya ka na kung napagtaasan kita ng boses. Nag-panic lang ako. Saan kaya nagpunta ang kapatid mo? Wala siyang shooting ngayon. Teka, tatawagan ko si Direk at ang handler niya.”

“Sige po, magbibihis lang po ako para po hanapin siya. May number po ba kayo ni Patricia Gregorio, Tita?”

“Wala. Ano’ng kinalaman ni Patricia sa anak ko?”

“Siya po kasi ang bagong crush ni Leo, Tita. Baka lang po pinuntahan ni Leo si Patricia kagabi.”

“Diyos ko naman! Anong klaseng iskandalo naman ’yun kapag nagkataon? Diyos ko, ang anak ko, sana walang masamang nangyari sa kanya!”

“Sorry po talaga, Tita...”

“Let’s talk later, Rupert. I need to make phone calls.”

“Sige po. Please update me kung sakaling mahanap n’yo po siya,” Rupert said before they said goodbye.

Saan ka ba nagpunta, Leo? tanong ni Rupert sa sarili.

Mabilis siyang naligo at nagpalit para simulan ang paghahanap sa kapatid. Gusto niyang ipa-pull-out ang mga CCTV footages ng condo pero ayaw niyang magsimula ng mas malaki pang gulo para sa kapatid.

He was already driving off when Leo’s mom called and he immediately attached his hands-free kit to answer the call.

“Hello po, Tita.”

“Naku, Rupert nakausap ko na halos lahat except for Direk Teo na hindi sumasagot sa mga tawag ko! Tinanong ko na ang ibang mga kakilala ni Leo sa showbiz, pero hindi raw nila nakita ang kapatid mo. I am so worried, Rupert!”

“Tita, mahahanap po natin siya. Huwag po kayong mag-alala,” kalmadong sagot ni Rupert kahit todo kabog na ang dibdib niya.

He'd imagined a hundred things that could have happened to his brother at alam niyang kung sakaling may hindi magandang nangyari kay Leo ay hindi niya mapapatawad ang sarili.

“Nakausap ko si Nanay Luz, 'yung handler ni Leo at wala raw siyang kahit anong schedule ngayon. Rupert, nasaan kaya ang kapatid mo? Baka napaano na siya!” Rupert could hear the desperation in Lorelie's voice and he felt guiltier.

“Hindi kaya nand'un siya sa bahay ni Direk, Tita?”

“Bakit mo naman nasabi 'yan?”

“Kasi po dala ko po 'yung phone ni Leo at may text po si Direk na pinapapunta niya si Leo sa bahay niya dahil daw meron pong party doon. Baka po sa kamamadali ni Leo ay naiwan niya po ang telepono niya.”

“Pero, hindi ugali ng kapatid mo ang hindi magpaalam. Alam niyang mag-aalala tayo. Kahit saan man magpunta 'yun ay sinasabi niya sa 'yo o sa akin. 'Tsaka kahit kailan ay hindi n'un iiwan ang telepono niya.”

“Pero, posibleng medyo lasing pa po si Leo kaya hindi niya nadala itong phone niya 'tsaka baka po pinuntahan niya ako sa kuwarto ko, nakitang tulog na tulog ako kaya po hindi na niya ako ginising.”

“You could be right... My God, Rupert, baka nga nand'un ang kapatid mo! Tekla, alam ko kung saan 'yung bahay ni Direk Teo! I'll text you the address. Magta-taxi ako papunta d'un at d'un na tayo magkita.”

“Sige po. Ingat po, Tita,” Rupert said before the call got

disconnected. *Leo, sana nand'un ka*, he prayed, not realizing that his prayer was already granted.



Margareth rolled away from her pillow but that pillow pulled her back and wrapped its arms around her.

She opened her eyes and frowned.

Weird dream, she thought, closing her eyes again.

“Gumising ka na, Mage,” *sabi niya sa sarili habang nag-iinat. Natigilan siya nang maramdamang may gumalaw sa tabi niya.*

Ang aga yatang umuwi ni Daddy? What time is it?

“Dad?” she asked as she turned to her side and promptly screamed.

Leo was so surprised when she shrieked that he fell off the bed. “Ano ba, ang ingay mo!”

“Who the hell are you?” Margareth demanded as she threw pillows at him. “What are you doing inside my bedroom?” she yelled at him.

Leo stared at her in confusion.

Teka, nasaan ba ako? tanong ng binata sa sarili habang iniikot ang tingin sa loob ng dilaw na kuwarta. *Kaninong kuwarta 'to?* he asked, perplexed, until a pillow hit him squarely on the face.

“Sino ka ba?” Margareth covered her chest with one of the pillows. Hindi siya nagsusuot ng bra kapag natutulog at iniisip pa lang niyang nahawakan siya ng lalaki sa mga lugar na di siya dapat mahawakan ay tumayo na ang balahibo niya sa diri. “Sino ka?” ulit niya.

Leo's expression became thoughtful as he tried to remember what happened the night before.

Pinuntahan ko si Patricia...

“Nasaan si Patricia?” he asked, slowly rising to his feet.

He saw how her eyes widened. He looked down and realized that he was only wearing a pair of boxer shorts.

“Manyakis ka, ano’ng ginawa mo sa akin?” mangiyak-ngiyak na tanong ng babae bago pinulot ang suklay na nasa ibabaw ng side table at ibinato sa kanya. “Sino ka sabi?” Tumayo ito mula sa kama at hinagip ang lampshade sa ibabaw ng mesang katabi ng kama para ibato sa kanya.

“Miss! Teka lang! Teka lang naman!”

“Hayop ka! Manyak!”

“Miss, hindi ako masamang tao! Ano ba, Miss, pwedeng kumalma ka muna?”

“Rapist! Rapist!”

“Ano?” Natigilan si Leo sa narinig. “Ako, rapist? Aray naman! Alam mo bang artista ako?”

“Demonyo ka!”

“Hoy! Ano ba?” sigaw na niya, pero lahat ng mahawakan ng babae ay dali-dali nitong ibinabato sa kanya. “Huwag kang bato nang bato at baka matamaan ang mukha ko! May shooting pa ako sa Lunes!”

“Rapist! Manyakis! Hayop! Ano’ng ginawa mo sa akin? Bakit nandito ka sa kuwarto ko?” sigaw ni Margareth na naghahanap ng iba pang maibabato sa lalaki. Nakita niya ang maliit na silyang nasa harap ng kanyang vanity mirror.

“Miss, don’t flatter yourself. Sa dinami-dami ng mga babaeng nagkandarapa sa akin, ikaw pa talaga ang mamanyakin ko?” he scoffed, and picked up his discarded pants from the floor. “Hindi kita type, ano. Ayoko sa mga babaeng bayolente—ano’ng gagawin mo d’yan sa upuan? Hoy! Pag ako tinamaan n’yan!” Leo ran to the door and

yanked it open, Margareth hot on his heels.

“Bumalik ka rito!” Margareth screamed, not realizing that there were visitors waiting for her grand entrance. “Hoy!”

“Oh my God, is that Gunner?” pabulong na tanong ng isa sa mga bisita habang pinapanood ang naka-boxer shorts na si Gunner Gonzales na pababa ng hagdan.

Direk Teo stood motionless as he watched his only daughter in her pajamas ran after a nearly-naked boy.

“Bumalik ka rito!” sigaw ni Mage. “Ipapapulis kita! Panagutan mo ang ginawa mo sa akin!” she shouted at him. She ran down the stairs and nearly bumped into the young man who stood petrified while looking at the sea of faces in front of him.

She peered over his shoulder and her eyes widened upon seeing her father’s visitors.

“It is Gunner Gonzales!” one of the reporters exclaimed excitedly.

Leo clutched his pants tighter to his chest. “I can explain—” he started to say as cameras and phone cams started flashing.

3

The two teenagers stood still as thirty or so cameras took pictures of their faces. Parang natauhan naman si Teo at agad na hinawakan ang kamay ng dalawa at hinila ang mga ito papunta sa hagdan.

Nagkagulo ang reporters, crews at mga artista sa nakita.

“Ang anak ni Direk ang girlfriend ni Gunner?” someone asked.

“Ano’ng ibig sabihin ng sinabi ng anak ni Direk na *panagutan mo ako at ipapapulis kita?* Ibig bang sabihin may ginawa sa kanyang hindi maganda si Gunner?” another queried as whispered speculations started to spread like wildfire among the visitors.

“Kababalik lang ng anak ni Direk galing sa ibang bansa at ang sabi sa isang blind item ay non-showbiz ang girlfriend ni Gunner. Ibig bang sabihin nito ay si Margareth Gregorio ’yun?”

“Magkasama ang dalawang bagets na natulog?”

“Diyos ko, ang babata pa nila!”

“Naka-boxers lang si Gunner!”

“Teka, gagawa muna ako ng column!”

“Ihahabol ko ’to sa noontime news!”

“Ipapa-flash report ko ’to sa istasyon ko!”

Patricia looked lost among the excited visitors. She wasn’t sure what to do but she knew that something had to

be done.

“Pwede na po tayong kumain!” she said in a loud voice.

Everyone turned their attention to her.

“Patricia, girlfriend ba ni Gunner ang pinsan mo?” tanong ng isa sa mga bisita.

“Po? Naku, imposible po ’yang sinasabi ninyo.”

“Paano sila nagkaroon ng contact kung nasa ibang bansa si Margareth at nandito naman sa Pinas si Gunner?”

“Pero, hindi ba ang sabi ni Gunner sa isa sa mga interviews niya ay ikaw ang ideal girl niya?”

“No comment po,” sagot ni Patricia. Siya man ay naguguluhan sa mga nangyayari. “Excuse me po muna at aakyat ako sa taas.” Tinawag niya ang isa sa mga kasambahay. “Ate Rose! Ate Rose!”

Kaagad itong lumapit. “Ma’am?”

“Pakainin na po ang mga bisita.” She hurried over to the stairs. Dumerecho siya sa kuwarto ni Margareth at kumatok nang hindi niya mabuksan ang pinto.

“Tito, si Patricia po ito.”

A few seconds later, the door was pulled open by Direk Teo himself.

“Patricia, ikaw na muna ang bahala sa baba. Please. Kailangan ko lang makausap ang pinsan mo at si Gunner.”

“Okay po.”

As soon as the door clicked shut, he faced the two teenagers. Margareth was trembling and Gunner looked confused.

“Okay, tell me what happened.” Teo motioned for the two to sit down on Margareth’s bed while he pulled up a chair and sat facing them.

“Pagkagising ko po, Daddy, katabi ko na po siya. Hindi ko po alam kung paano po nangyari 'yun—”

“Direk, lasing po ako kagabi pero wala po akong ginawa sa anak ninyo. Hindi naman po ako gan'ung tao.” Tumingin ito sa dalaga. “Miss, sorry. Sorry sa nangyari. Alam kong pagkakamali ko. Pero maniwala ka, wala akong ginawa sa 'yo at natulog lang ako.”

“Paano ka nakapasok dito, Gunner?” Teo asked.

The young man lowered his head before he sighed. “Aaminin ko pong inakyat ko itong bahay nin—” he started to explain, but the director raised his hand to silence him.

“Inakyat...mo itong bahay ko?” Teo asked, his voice very calm.

Leo, however, could feel the underlying anger in the director's tone and he swallowed hard. “Sorry po—”

“Hindi ka ba nag-iisip?” the director yelled at Gunner, pushing to his feet. “Maliban dito sa gulong dinala mo na idinamay mo pa ang anak ko, hindi mo ba alam na trespassing ang ginawa mo at pwede kang mabaril ng isa sa mga guards kung napagkamalan kang akyat-bahay?”

“Sorry po, Dir—”

“Gunner, magna-nineteen ka na pero tarantadong bata ka pa rin! Kailan ka ba mag-ma-mature?”

“Sorry po talaga, Direk, pero—”

“Margareth!”

“Po?” Mage replied, trembling so hard that she thought she was about to faint. She had never seen her father so angry. “Sorry po, Dad—”

“Are you okay?” her father inquired, his voice softening when he saw how shaken she was.

“Opo, Dad.”

“Good. Now, tell me, ano’ng ginawa nitong tarantadong ito sa ’yo?”

Napatingin si Margareth sa binata. “Wala naman po... yata...” she uncertainly replied.

May ginawa kaya ’to sa akin? Tulog na tulog ako because of the sleeping pills ’tapos siya naman lasing. Paano kung mabuntis na lang ako bigla? tanong niya sa sarili.

“Excuse me lang po muna...” With that, she ran into the bathroom and quickly closed the door behind her. She stripped off her clothes and checked her underwear.

Okay, medyo walang kakaiba. She checked her nakedness in the full-length mirror. *May physical manifestations naman siguro kung nagahasa ako tulad ng pasa, kalmot o kung ano. Besides, may sasakit naman siguro sa akin kung sakali man...*

She somehow felt better. Naisip niyang wala namang ginawang hindi maganda sa kanya ang binata at baka nalasing lang talaga ito ay nagkamali ng bahay na inuwian.

Pero bakit niya hinahanap si Ate Patricia?

She put her clothes back on and stepped out of the bathroom.

“Gunner, I am kicking you out of my movie,” she heard her dad say.

“Po? Pero, Direk—”

“What you did was very irresponsible. Ayokong makatrabaho ang mga gan’ung klaseng artista. Please leave, I need to talk to my daughter.”

“Tekang po, Direk. Baka po pwede pa nating pag-usapan ’to.”

“Leave, Gunner! Nagtitimpi ako dahil ayaw kitang

bugbugin at baka di ka na makilala paglabas mo ng pamamahay ko sa dami ng magiging pasa at bali mo sa katawan. Hindi mo siguro ramdam pero galit na galit ako sa 'yo! Artista ka at nakuhanan ka ng litratong halos hubad kasama ng nag-iisa kong anak. Ang anak ko, nagbabakasyon lang dito sa Pilipinas. And at this rate, mukhang mapapabilis ang pagbalik niya sa New York dahil sa iskandalong kagagawan mo! Galit na galit ako kaya wala kang karapatang makiusap!"

"Opo," Leo replied in a whisper, bowing his head. "Sorry po, Direk. Kasalanan ko po."

"Magpantalón ka sa banyo at pagkatapos ay umalis ka na!"

"Opo." Walang nagawa si Leo kundi ang tumango.

Nagkatinginan sila ni Margareth nang papasok na siya ng banyo pero agad din nitong iniwas ang tingin niya.

"I'm sorry, anak," sabi Teo nang maiwan sila ng anak.

"Bakit po kayo nag-so-sorry, Dad?"

"Kasi iniwan kita ritong mag-isa. Lahat ng kasambahay natin nasa baba ang kuwarto kaya siguro hindi nila narinig kung may kaluskos man dito sa itaas. I'm sorry kasi wala ako rito. Are you really okay?"

"Opo. Wala naman po akong kakaibang nararamdaman. And I don't think he's capable of doing something heinous like what you and I had in mind, Dad."

"I want you to pack and leave. This is going to get ugly. Artista si Gunner, tinitilian ng mga babae at maraming fans ang nag-iilusyon na boyfriend nila siya. Your pictures with him will be all over the news. Baka nga ngayon ay ibinabalita na itong nangyari. I want you out of the country ASAP. Ako

na ang bahala rito. Pag-uusapan namin ng management ni Gunner kung ano ang sasabihin. Both camps will release official statements. Ayokong sumagot ka sa kahit anong interview. There is a possibility na susundan ka nila sa New York and all I want you to say is *no comment*.”

“But, Dad, I just got here—” Margareth started to protest but her father shook his head.

“Anak, kung normal na empleyado lang sana ang daddy mo at tambay sa kanto lang si Gunner ay walang papansin sa balita tungkol sa inyong dalawa. But that’s not the case. Anak ka ng isang kilalang direktor at isa siyang artista.”

“But, Dad—”

“No buts, Margareth. Please do as I say. I know how this industry works at ayokong madamay ka sa isyung ito. Dadalawin kita sa New York as soon as I finish filming the movie which is in three to four months.”

“Hindi po ba ako pwedeng magpaliwanag? I should at least release a statement. Bakit ako iiwas when in fact wala naman po akong ginawang masama?”

“Margareth, ibang mundo ito. Masalimuot. Ang mga tao rito huhusgahan ka kahit hindi ka nila kilala, lalo na’t ang ma-li-link sa ’yo ay isang Gunner Gonzales,” her father said. “My decision is final. Pack your bags. I’ll inquire for the earliest flight available.”



Leo ignored all the questions thrown at him. Halos di siya makalabas ng pintuan sa dami ng taong humarang sa kanya para magtanong. Some questions were rude while most were downright ridiculous.

“Gunner, bakit naka-boxers ka lang? May milagro bang

naganap sa itaas?”

“Ang anak ba ni Direk ang itinatago mong girlfriend, Gunner?”

“Kailan kayo nagkakilala ng anak ni Direk at kailan naging kayo?”

“Sa New York mag-aaral ng Film ang anak ni Direk, magtatagal kaya ang relasyon n’yo? Ano ang masasabi mo tungkol sa long distance relationship?”

“Gunner, virgin ka pa ba? Si Margareth ba ang nakauna sa ’yo?”

He stopped walking, turned around and narrowed his eyes at the reporter who asked him the question. “Hindi ka ba nakokonsyensya na paninira ng buhay ng ibang tao ang pinanggagalingan ng ipinapakain mo sa pamilya mo?” he hissed before he pushed his way out of the crowd. “Please, ’wag n’yo na po akong sundan.”

Muntik na niyang takbuhin ang gate pero alam niyang maraming nakatingin sa kanya kaya dahan-dahan pa rin siyang sa paglakad at kunwari ay hindi apektado sa mga nangyari.

Malapit na. ’Ayan na ang gate, Leo. Kalma lang. Kaya mo ’to.

Pagbukas niya ng gate ng mga Gregorio ay nagulat siya nang makitang mas maraming reporters ang nag-aabang sa kanya sa labas.

“No comment po,” sagot ni Leo sa mga tanong na ibinabato sa kanya. “Pasensya na po, no comment.”

“Gunner! Gunner! Totoo ba na kasintahan mo ang anak ni Direk Teo?”

“Totoo bang buntis si Margareth Gregorio?”

“Kailan n’yo balak magpakasal?”

“Gunner! Ano ang masasabi mo sa balitang ayaw ni Direk Teo na ikaw ang mapangasawa ng anak niya?”

“Gunner!” He turned his head to find his mother and his brother. Leo was so relieved to see them that he wanted to cry.

“Excuse me!” Rupert elbowed his way toward his brother. “Excuse me lang po!” Nakalapit ito sa kinatatayuan niya at hinila na siya ng kapatid.

Naramdaman ni Leo ang pag-akbay sa kanya ng Kuya Rupert niya nang palapit sila sa sasakyan nito. Tahimik ang mama niya at agad na binuksan lang ang pinto ng sasakyan.

He got inside the car amidst the camera flashes and questions being shouted at him.

“Yung kotse ko, Kuya,” Leo said quietly as they drove off.

“Kailangan lang nating makalayo sa mga reporters dito. Papunta na si Ate Riza mo.” Rupert’s cellular phone rang. “Hon, saan ka na? Great timing, nandito kami palabas ng gate ng subdivision. Hintayin mo ako sa labas. Pero baka hindi ka papasukin—”

“Kilala ko ang guard, pwede po siyang pumasok. Puntahan natin siya sa gate,” Leo butted in.

Rupert nodded.

Naghihintay sa kanila ang girlfriend ni Rupert na si Riza. Bumaba ito ng taxi at lumapit sa kotse nila. Agad iniabot ni Leo ang susi ng sasakyan sa babae.

“Are you okay, Leo?” Riza asked.

Tumango lang siya.

“Hon, didiretso kami sa condo ni Leo,” sabi ni Rupert sa nobya. “Susunduin kita sa mall malapit d’un. Pasensya na, I made you take a cab.”

“Ano ka ba, maliit na bagay. Sige, I’ll see you later,” Riza said before waving goodbye at them.

Binuksan ni Leo ang bintana sa side niya at kinausap ang guwardiya. “Manong, ate ko po. May kukunin lang po siyang naiwan ko sa bahay ni Direk Teo.”

Agad naman nitong pinapasok ang taxing sinasakyan ni Riza.

“May nakasunod sa atin,” Lorelie commented.

Rupert checked the rearview mirror.

“Baka pati sa condo ko nand’un na rin sila, Kuya.”

Naguguluhan si Leo sa mga nangyayari at tangang-tanga siya sa sarili niya. Buong buhay na ipinundar at pinagpaguran niya kung nasaan man siya sa industriya ngayon, mawawala lang sa isang iglap dahil sa maling desisyon na dala ng kalasingan.

He knew he wasn’t exactly a saint but all the scandals he had been previously involved in could be considered as juvenile. Dala lang ng tinatawag ng media na kapilyuhan at wala pang dalawang linggo ay kusang namamatay ang isyu.

Pero ngayon ay kinakabahan siya dahil alam niyang maimpluwensyang tao si Direk Teo sa industriya. He could make or break a talent.

“Ano’ng nangyari, anak?” usisa ni Lorelie. “Bakit ang daming press sa labas ng bahay ni Direk? Nabasa ng Kuya Rupert mo ang text sa ’yo ni Direk na iniimbitahan ka sa isang party sa bahay niya kaya d’un kami pumunta. Hinahanap ka kasi namin dahil hindi ka nagpaalam.”

“Mahabang kwento, Ma,” Leo replied, not looking at his mother. “Mahaba at magulo.”

“Hindi bale na, mamaya sa bahay pag-usapan natin, ha? Okay ka lang ba? Wala bang masakit sa ’yo?”

“Wala po.”

“Rupert, d’un tayo sa bahay ko,” Lorelie instructed. “Ako na ang tatawag kay Riza na d’un tayo pupunta para d’un na rin niya ihatid ang kotse.”

“Okay po, Tita.”

The rest of the drive was quiet, walang nagsasalita at lahat ay nag-iisip. “May nakasunod pa ba sa atin?” Lorelie asked after nearly twenty minutes of silence.

“Wala na po, Tita. Malapit na po tayo sa subdivision ninyo at malamang hindi po makakapasok kung may nakasunod man,” Rupert replied.

Hindi madamot and kapatid niyang si Leo, saksi si Rupert rito. At hindi ito nagdalawang-isip na ibili ng napakamahal na bahay ang ina nitong si Lorelie sa isang exclusive subdivision. Kahit nga sa kanilang dalawa ng mommy niya at pati sa girlfriend niyang si Riza ay galante ang kapatid at parating may dalang mamahaling pasalubong tuwing lumalabas ito ng bansa.

“Kuya...”

“Yes, Leo?”

“Kuya, salamat, ha. ’Tsaka sorry na rin. Pakisabi na rin po kay Ate Riza na pasensya na at pati siya ay naabala ko.”

“Wala ’yun, ano. Pero sa susunod, ’wag kang tatakas, ha, at magsabi ka sa akin kung may gusto kang puntahan para masamahan kita.”

“Opo.”

Pagkarating na pagkarating nila sa bahay ni Lorelie ay agad nagpahanda ito ng makakain para sa kanilang tatlo.

“Umupo ka muna, Leo. Ikaw rin, Rupert,” she told them. “Ano’ng nangyari?” she asked as soon as they were all seated.

“Tita, kasalanan ko po. Nakatulog kasi ako kaya hindi ko po nabantayan si Leo.”

“Ma, walang kasalanan si Kuya rito at hindi niya ako kailangang bantayan. May sarili siyang buhay at may isip din naman po ako. Kasalanan ko po 'to lahat.”

“I’m not blaming your brother, Leo. Gusto ko lang malaman kung ano ang nangyari,” sagot ni Lorelie sa anak. “Now, can you tell me what *really* happened?”

“I think I screwed up big time,” Leo replied with a sigh before he told his mother and brother about what happened.

“Pwede ba 'yung gan'un-gan'on ka na lang tanggalin ni Direk sa pelikula? This is all a misunderstanding!” Lorelie reacted after hearing her son's story. “Tatawagan ko si Direk para makapag-usap kami. Hindi naman tama 'yun na 'yung personal na issue ay magiging dahilan para maapektuhan ang trabaho mo!” she said, rising to her feet.

Leo grasped his mother's hand. “Ma, 'wag na. Please, 'wag na. Kasalanan ko naman, eh. Natural lang na magalit si Direk dahil idinamay ko pa ang nag-iisang anak niya na nandito lang para magbakasyon. Besides, isang pelikula lang 'yun. Marami pang pelikula ang darating.”

Pero kahit si Leo ay hindi naniwala sa huli niyang sinabi. Everyone in the business knew that Direk Teo was a force to be reckoned with.

“I am just worried about you, anak,” Lorelie said, sitting back down.

“Ma, you have nothing to worry about,” Leo replied with a smile.



Margareth spent the rest of the day inside her bedroom.

Sabi ng daddy niya ay huwag na huwag niya raw bubuksan ang TV at baka kung ano pang inis ang maramdaman niya. Sinabi rin ng daddy niya na ito na ang bahala sa lahat, na wala nang kailangang gawin si Margareth kundi ang gawin ang iniutos nito.

Her dad had bought her a return plane ticket that was scheduled the following day. At kahit nalulungkot siya na hindi niya makakasama ang ama nang matagal ay nirerespeto niya ang desisyon nito.

“Ang boring naman!” she groaned as she plopped on her bed.

Tumayo siya ulit at naglakad-lakad sa harap ng kama niya. Her eyes fell on the 56-inch television set and she picked up the remote control from her side table to turn it on.

“At ang sabi ay kakasuhan daw ni Direk Teo si Gunner Gonzales ng trespassing dahil sa pag-akyat nito sa bahay niya—” the news said.

She changed the channel.

“Si Margareth Grace Gregorio ang nag-iisang anak ni Direk Teo Gregorio sa dati nitong asawa. Kaka-debut lang ni Margareth noong nakaraang Marso...”

She pressed the button to change the channel again.

“Ayon sa balita ay tinanggal nang tuluyan ni Direk Teo si Gunner Gonzales sa pelikula nito na entry sa *Metro Manila Film Festival* ngayong Disyembre. May iba ring nagsabing nagpahayag ng pagkadismaya ang mga heads ng produktong ini-endorse ni Gunner Gonzales dahil sa balita. Ayon pa sa isang kilalang source ay galing ang sikat na binatang artista sa isang bar at naglasing ito roon bago ang pangyayari...”

Margareth sighed and changed the channel again.

“Marami ang nagsabing this will be the end of Gunner Gonzales’ career...”

“Ano ba ’yan, puro ganito ang palabas?” She heard someone knock. “Bukas po ’yan, pasok po.” She turned off the television.

“Ma’am Margareth?”

“Bakit po, Manang Rosalie?” Ngumiti siya rito.

“May tawag kayo sa telepono, Leo raw po.”

“Po? Sino pong Leo? Wala po akong kilalang Leo.”

“Ewan ko po. Ang akala ko po ay kaibigan n’yo na taga-New York. Ano po ang sasabihin ko, Ma’am? Sabi po niya importante po ang sasabihin niya, eh.”

“Sige po, kakausapin ko,” sabi ni Margareth bago inabot ang wireless phone na dala-dala ng kasambahay nila.

“Hello, Margareth Gregorio speaking,” she said over the phone as soon as Manang Rosalie left.

“Ako ’to,” was the only reply.

Napakunot ang noo ng dalaga. “Okay, ikaw ’yan, pero sino ka?” may halong pagtataray na buwelta niya at narinig niyang may tumawa sa kabilang linya. *Baliw yata ’to.*

“Si Gunner, ’yung kayakap mo kaninang umaga.”

“Tarantado!”

“Chill. Huwag kang magalit, nagpapatawa lang ako kasi ang awkward na magkausap tayo. Gusto ko lang mag-sorry at gusto ko lang sabihin sa ’yo na wala akong ginawa sa ’yo. Natyansingan man kita nang hindi sadya pero hanggang yakap lang at halik sa noo,” he divulged. Margareth felt herself blush. “Sorry ulit, okay?”

“Hindi okay, pero sige tatanggapin ko ’yang sorry mo,” Mage replied as she sat down on her bed. “How are you

holding up?” she asked and arched her brow at her own question. *Like may pakialam ka sa kanya, Margareth? He’s the reason why your time with your dad is cut short!*

“Okay lang, sanay na ako rito. Sanay na ako sa magulong mundong ito kasi dito na ako lumaki at kahit na pagod na ako ay titiisin ko kasi ito lang ang kaya kong gawin,” Leo answered sincerely.

Margareth felt a twinge of pity toward him, which she brushed aside.

“Kakausapin ko si Dad tungkol sa pagtanggap sa ’yo d’un sa movie ninyo ni Ate Patricia.”

“Huwag na, Margareth. Wait, is it all right if I call you ‘Margareth?’”

“Oo naman. Anyway, this is goodbye kasi babalik na ako ng New York. Ingat ka at good luck.”

“Goodbye and good luck,” Leo said. “O sige, ’yun lang ang itinawag ko. Nasa sasakyan ako, papunta kami ng studio kasi may interview ako. Salamat sa pagsagot. Ako nga pala si Galileo Zander Gonzales, it was a pleasure meeting you.”

“I’m Margareth Grace Gregorio. Meeting you might have been unconventional but it’s a pleasure,” she flippantly said.

He laughed. “Bye, Margareth.”

“Bye,” she said, and waited for him to end the call. “Hoy, bye na!”

“Ibaba mo na, ikaw ang tinawagan, eh.”

“Ah, gan’un ba ’yun? Okay, bye.”

Leo stared at his phone and laughed out loud when he realized that she indeed ended the call.

Kakaibang babae, he thought, feeling a wave of admiration for Margareth.

4

Hindi na mapakali si Margareth pagkatapos ng pag-uusap nila ni Leo kaya nagdesisyon siyang buksan ang laptop na ipinahiram sa kanya ng daddy niya para sana manood online. She found herself thinking about Gunner Gonzales instead.

Of course gusto kong malaman kung anong klaseng tao ang nakayakap ko magdamag, she jokingly thought as she typed his name on the search bar.

“Ikaw na ang sikat!” She gave out a low whistle as a countless number of articles popped up.

She clicked an article from *Wikipedia* and started reading.

Nalaman niyang nag-iisang anak si Gunner ng dating artista na si Lorelie Del Franco. Ayon sa article ay lumaki na ang una sa harap ng camera. Nagsimula ang career ng binata bilang modelo ng pambatang vitamins. Nalaman din niyang ang ama ni Gunner ay may sarili nang pamilya kaya lumaki itong ang tanging nakagisnang magulang ay ang ina.

Gan'un? Kaya siya nag-artista ay para makilala siya ng daddy niya at baka sakaling hinahanap siya nito?

Margareth was frowning as she was reading the article. *Kawawa naman 'tong batang 'to.*

Hindi na namalayan ni Mage ang oras as she clicked on one article after another. “Masyado namang chronicled and buhay nito. Pati ba naman kung kailan siya tinuli ay may

write up pa talaga? Ano kaya ang pakiramdam kapag ganoon? Parang wala kang freedom at kahit saan ka magpunta ay may camera at reporters na bubuntot-buntot sa 'yo?" bulong niya sa sarili.

When Margareth was younger, she had wanted to be an actress but her parents vehemently disagreed. At ngayong binabasa niya ang talambuhay ni Gunner sa Internet, laking pasasalamat niya na hindi siya pinayagan ng mga ito. She realized that she wouldn't be able to handle that kind of life. Kung noong bata pa siya ang akala niya ay puro kasiyahan ang naibibigay ng pag-aartista, ngayon parang naaawa siya sa mga taong nasa ganoong trabaho.

Kulang na lang ay gawan ng report pati utot nila, isip-isip niya.

Narinig niyang may kumatok. "Ma'am Margareth."

Tumingin siya sa relos niya. *Mag-a-alas-cuatro na?* di makapaniwalang tanong niya sa sarili. Hindi niya namalayang halos apat na oras na siyang nagbabasa.

Tumayo siya para buksan ang pinto. "Bakit po, Manang Fe?"

"Tumawag po kasi ang daddy n'yo, itinatanong kung nagmerienda na raw po kayo. Ano po'ng gusto ninyong kainin, Ma'am Margareth?"

"Kahit na ano pong ihanda n'yo, di naman po ako maarte sa pagkainin."

"May chocolate mousse po sa ref, okay na ba sa inyo 'yun?"

"Opo. Sobra pa po sa okay," she replied.

Sabay na silang bumaba ng kasambahay papuntang kusina at pumuwesto na si Margareth sa mesa habang ipinag-

slice siya ni Fe ng kapirasong cake. “Maraming salamat po.”

“Sige po, Ma’am Margareth, magtutupi pa po ako ng mga damit.”

“Ayaw n’yo po ba akong saluhan dito?”

“Naku, hindi po ako mahilig sa matamis.”

“Ay, gan’un po ba? Sina Manang Rosalie at Ate Linda po pala?”

“Nag-grocery po. Gusto kasi ng daddy mo na espesyal ang ulam mamayang gabi at aalis ka na raw bukas.”

“Oo nga po, eh,” Margareth replied, her mood dipping.

Bigla siyang nalungkot na isang araw pa lang siya sa Pilipinas ay kailangan na niyang bumalik kaagad.

Besides, nasa conference sa L.A. si Mommy. Ano’ng gagawin ko sa bahay?

“Juice, Ma’am Margareth, gusto n’yo?”

“Naku, ’wag na po. Kukuha na lang po ako ng tubig mamaya, Manang.”

Mabilis niyang inubos ang cake at pagkainom ay hinugasan ang baso, platito at tinidor na ginamit bago umakyat ulit sa kanyang kuwarto.

She went back to reading and the more she found out about Gunner, the more curious she got.

“Ang bata niya namang nag-artista. Ano ’yun, hindi na siya nag-aral?” She opened another news story about him.

Detalyado ang pag-angat ng career ni Gunner Gonzales and Mage was not sure why she felt sad for him. Maybe because despite the smile he was showing everyone, she could see it in his eyes that he felt lonely.

“It must be really difficult growing up the way you did—no privacy, your flaws magnified and everything about you

written...”

She was about to touch Gunner’s image on the laptop screen and trace the contours of his face, but caught herself in time. “Margareth! Ayan ka na naman! Stop romanticizing everything!” she berated herself. “Lahat na lang ginagawa mong fairytale, eh. ’Yan ang badtrip sa ’yo!”

Umalis siya sa kama at humarap sa vanity mirror. “Ang sarap sanang lumabas ng bahay.”

She sighed.

Gusto niya sanang gumala pero wala siyang kasama dahil parehong nasa shooting ang daddy niya at ang pinsan niyang si Patricia.

Kaya lang, bored na bored na bored na ako rito!

She decided to text her dad.

’Dy, malling po muna ako, na-bo-bore na po talaga ako rito sa bahay. Don’t worry about me, kaya ko pong lumabas mag-isa. I’ll just take a cab. Love you.

She reread her message before sending it to her father and then went to take a shower. Pagkatapos magbihis ay agad siyang bumaba at nagpatawag ng taxi kay Manang Fe.

“Ma’am Margareth, sigurado po ba kayo na okay lang sa daddy n’yo na lumabas kayo?”

“Manang, nagpaalam po ako. Tinext ko po si Dad.”

“Kasi po ang kabilin-bilinan niya ay ’wag daw po kayong palabasin ng bahay—”

“Manang, ito po ’yung text ko kay Daddy, o.” Iniharap niya rito ang cell phone.

“Oo nga po, Miss Margareth, pero hindi naman po nag-reply ang daddy n’yo kaya wala pa rin pong permiso niya.”

“Manang, maawa naman po kayo sa akin. Aalis na po ako

bukas, eh. Gusto ko naman pong makapamasyal kahit saglit lang. Itong apat na sulok ng bahay lang po ang napuntahan ko ngayong bakasyon ko.”

“Pero bilin po kasi ng daddy ninyo—”

“Babalik naman po ako kaagad, Manang, eh. D’yan lang ako sa malapit na mall dito. Promise, hindi po ako lalayo.”

“Baka po kasi ako ang mapagalitan, Ma’am, eh.”

“Hindi po, bakit naman po kayo ang pagagalitan?”

Natuwa siya nang may narinig na bumusinang sasakyan.

“Nand’yan na po yata ’yung taxi na itinawag n’yo, Manang. Sige po, bye!”

“Ma’am Margareth!” Fe followed the teenager to the gate. “Ma’am Margareth, baka po magalit ang daddy n’yo!”

“Mag-iingat po ako! Bye!” Margareth waved goodbye to the old woman who was wringing her hands in worry.



“Leo, nasaan ka? Ang sabi ni Nanay Luz ay nagmadali ka raw umuwi pagkatapos ng interview mo kanina? How did it go? Okay ka lang ba, anak?” Lorelie asked over the phone.

Gusto man ng binata na maglabas ng sama ng loob tungkol sa interview ay hindi nito magawa dahil ayaw nitong mag-alala ang ina.

Lorelie had her son when she was just sixteen. Modelo siya noon at baguhang artista nang may makilalang isang businessman na mas matanda sa kanya nang halos sampung taon. Sinuyo siya ng lalaki, pinangakuan at di kalaunan ay naging magkasintahan sila. Naging maayos naman ang relasyon nila kahit itinatago nila ito sa media. Pero nagbago ang lahat nang siya ay biglaang nabuntis. Ayaw ng lalaki na ituloy niya ang pagdadalang-tao niya.

But Lorelie was determined to bring her baby into the world. Ang ipinaglalaman niya noon ay walang kinalaman ang bata sa kung ano man ang problema nilang dalawa. The baby shouldn't be the one to suffer. She was surprised and hurt when he made her choose between him and their child. Ang sabi pa ng dating nobyo ay magiging sagabal lang sa career niya ang pagbubuntis nang maaga. True enough, she had to abandon her career just to keep her son.

Looking back, natatawa na lang si Lorelie kung paanong halos manikluhod siya sa lalaking iyon para kilalanin man lang ang bata.

“Ma?” Leo’s voice interrupted her thoughts.

“Yes?”

“Okay lang po ba kayo? Kanina pa po kayo hindi nagsasalita d’yan. Kanina pa po ako salita nang salita rito pero hindi po kayo sumasagot.”

Lorelie sighed. “I am worried about you. Huwag ka na lang munang bumalik sa condo mo. Dito ka na lang kaya umuwi, anak.”

“Ma, okay lang talaga ako. Medyo bored lang kaya pupunta akong mall ngayon at manonood ng sine o kaya ay bibili ako ng bagong video games.”

“Hindi ka pwedeng pumuntang mall dahil wala kang kasama. Mamaya dumugin ka na naman d’un.”

“May hood naman itong sweater ko, ’tsaka mag-si-shades ako, Ma.”

“Kahit na! Hintayin mo ako—”

“Ma, ’wag na, please? Peksman, okay lang talaga ako. Besides, I don’t think people expect me to be out alone after that interview.”

“Bakit, ano ba’ng ginawa nila sa ’yo? Kailan ba ipapalabas ’yung interview mo? Pinagbakasyon mo kasi ’yung bodyguards mo at driver. Wala ka tuloy kasama ngayon!”

“Ma, naman, deserve po nila ’yun. Simula’t sapul ay sila na ang kasama ko at ilang beses lang yatang nagkaroon ng day-off ang mga ’yun. Alalahanin nating meron din silang kani-kanilang pamilya.”

“Hay, naku! Hindi pa rin ako sang-ayon—”

“Ma, malapit na ako sa mall. I’ll see you later, okay?”

“Ewan ko sa ’yong bata ka. Mag-ingat ka!”

“Opo. I love you, Ma.”

“I love you, too. Umuwi ka kaagad!”

Hindi matandaan ni Leo kung gaano katagal na siyang nag-malling mag-isa o gaano katagal na mula noong huling apak niya sa mall na walang kinalaman sa trabaho niya. Parati na lang kasing mini-concert, red carpet screening ng kanyang palabas, o kaya ay opening ng outlet ng isang brand na kanyang iniendorso ang mga dahilan kung bakit siya napupunta sa mall.

“Good afternoon, Sir!” bati ng guard sa kanya. Agad na yumuko si Leo para hindi nito makita ang mukha niya habang ginagawa ang body check. “Thank you, Sir!”

“Thank you,” mahina ang boses niyang sabi.

He would have preferred staying inside one of the coffee shops, pero alam niyang masyadong exposed at mas malaki ang tsansang may makakilala sa kanya doon. His stomach grumbled and he was again reminded that he only had coffee that morning.

“Alin sa mga kainan kaya ang walang masyadong tao?” he murmured to himself as he peered inside one of the diners.

“Sorry!” he said when he bumped into someone.

“Sorry din po!” a familiar voice replied. “Sorry po talaga, Sir,” the girl repeated with a slight bow of her head.

“Margareth?” he asked.

She peered into his face. “Hala!” she exclaimed, then covered her mouth with her hand. “Ano’ng ginagawa mo rito?” pabulong na tanong ng dalaga.

“Bakit, bawal ba ako rito? Sobra ka, tao rin naman ako.”

“Loko! Hindi ’yun ang ibig kong sabihin. Mag-isa ka lang?” Mukhang hindi ito makapaniwala.

“Well, kanina oo. Pero since nandito ka na ay dalawa na tayo.” He grinned.

She laughed. “At talagang magsasama pa tayong dalawa, ha, pagkatapos ng ating makulay na scandal.”

“Hindi naman matatawag na scandal ’yun.”

“Ah, kaya pala halos lahat ng channel sa TV ay puro tungkol d’un ang balita.”

“Ang dami mong sinasabi, halika na!” He pulled her along with him as he started walking. People were starting to stare at them and he didn’t want to be found out.

“Saan tayo pupunta?”

“Sa isang lugar na madilim at malamig,” he kidded with a smirk.

“Sa sinehan?” she asked.

Natawa talaga siya. “Alam mo bang sa lahat ng sinabihan ko ng joke na ’yan ay ikaw lang ang hindi violent ang reaction?”

“Ano nama’ng ikaka-violent reaction ko sa sinehan?”

“Yun na nga, eh. Ikaw lang ang naka-gets na sinehan ang tinutukoy ko.”

“Manonood talaga tayo ng sine? Anong palabas?”

“Hindi ko alam. Kahit ano. Mamili ka ng numero between one to six.”

“Two?”

“Ibig sabihin ay Cinema 2 tayo.”

“Kumusta naman ’yan.” She laughed as they walked toward the cinemas. *Teka, bakit nga ba ako sasama rito, eh, hindi ko nga siya kilala?* “Teka, uwi na pala ako kasi ano... um...si Daddy—”

“Ano ka ba, ’wag kang matakot sa akin. Hindi naman ako nangangain ng tao. Hindi ako bampira.”

“Hindi naman ako takot sa ’yo, ano. Pero, kailangan ko na talagang umuwi.”

“Margareth, samahan mo na muna ako, please...” pakiusap nito. “Please? Ngayon lang ako lalabas, eh. Okay lang sanang mag-isa, pero mas okay kung may kasama. Ngayon na lang kasi ako nakapag-mall ulit.”

She wanted to say no but she remembered all those articles that she read about him. *Pati pagpunta sa mall ay matatawag nang luxury para sa taong ito*, she thought.

“Fine!” she said, averting her gaze. “Pero mabilis lang tayo. Tatapusin lang natin ang palabas at pagkatapos ay uuwi na ako.”

“Kung gan’un, ’wag na tayo sa Cinema 2 dahil baka hindi natin masimulan.”

“Saan pala tayo?”

“Ako’ng bahala,” Leo replied. “Kahit anong movie na pwede na kaming pumasok,” he told the woman manning the ticket booth. Pagkatapos pumili ng upuan ay nag-abot siya ng pera at kinuha ang tickets pero iniwan ang sukli niya.

Agad-agad na binalikan ni Margareth ang pera at iniabot sa kanya. “Obvious ka, walang normal na tao na mag-iiwan ng sukli,” sabi nito. “Anong cinema ’yan?”

“Cinema 5. Six hanggang ten dito. Alam mo kung saan banda ang Cinema 1 to 5?”

“Hindi, eh. Gusto mong magtanong?”

“Baka makilala ako.”

“Ako na’ng magtatanong,” she volunteered, and approached one of the guards.

“O, anong sabi?”

“D’un lang daw sa kabila. Katapat niyang booth na nagtitinda ng tacos. Bilisan mo at malapit nang magsimula.”

“Teka lang, manonood talaga tayo?”

“Malamang, eh, bumili ka kaya ng ticket.”

“Gusto ko lang naka-aircon.”

“Corny ka. Umuwi ka na lang sa bahay mo at d’un ka magpalamig,” pagtataray ni Margareth at tumawa nang malakas si Leo.

“Ang totoo, gusto ko lang mapag-isa.”

“Gusto mong mapag-isa sa loob ng sinehan? Hindi ka naman masyadong weird, ano?” hirit ng dalaga.

“Halika na nga. Teka lang, bili akong baon natin.”

“D’un na. Di ba may snack bars naman sa labas ng mga cinemas?”

“Oo. Ang talino mo talaga!” pabirong sabi ni Leo.

Bumili sila ng pagkain bago pumasok sa sinehan.

“O, dahan-dahan, baka matisod ka.”

“Naku, hindi ako lampa. Ito na ang upuan natin. Bilis at magsisimula na.”

“Excited ka talagang manood ng sine, ano?”

“Oo, favorite pastime ko ’to.”

“Talaga?”

“Oo. Pareho kami ni Mommy.”

“Pwede ko bang itanong sa ’yo kung may napanood ka nang pelikula ko?”

“Sasama ba ang loob mo kung sasabihin kong wala?”

“Saklap naman,” Leo replied.

Margareth laughed softly. “Besides, ayoko sa mga palabas na pa-tweetums.”

“Pa-tweetums? Ako? Hindi, ah! May action movie kaya ako.”

“Huhulaan ko kung ano ang role mo doon, isa kang binata na naghahanap ng true love,” Margareth quipped. Leo couldn’t help but laugh.

“Shh... ang ingay mo!” saway nito.

“Talagang kahit previews ng upcoming movies pinapanood mo? Seryosong-seryoso ka d’yan, ah.”

“Siyempre. ’Yun nga masaya d’un, eh. Ang makapamilya ng susunod na papanoorin dahil sa mga ipinapalabas na previews.”

“Okay lang bang matulog ako?”

“Loko, manood ka!”

“Inaantok ako, eh.”

“Basta, manood ka! Mukhang maganda ’to. ’Ayan na, nagsisimula na!” she whispered excitedly.

He glanced at her profile.

She was staring intently at the screen. Pinilit ni Leo na intindihin ang palabas, pero parang pagod na pagod siya. Hindi siya makatulog nang maayos sa kaiisip kung anong project o anong endorsement na naman ang mawawala sa

kanya.

“Margareth, di ko talaga kaya, inaantok talaga ako,” he murmured.

She turned to look at him. “Gusto mo na bang lumabas?”

“Hindi, manood ka lang. Gisingin mo na lang ako kapag tapos na. Idlip lang ako.” He closed his eyes and leaned against his seat. His breathing evened five minutes into the movie.

Margareth thought that he must be really tired to be able to sleep through the noise.

Kawawa naman 'to. Gaano ba karami ang problema mo at mukhang ilang araw ka nang puyat, ha, Gunner?

“Gunner, gusto mo bang lumabas na para makauwi ka na? Mukhang puyat na puyat ka yata. Okay lang naman sa akin na 'wag nang tapusin itong palabas,” bulong niya sa binata.

“Hindi ako nakakatulog sa bahay,” sagot nito. “Pwede bang pasandal?” Hindi pa man siya nakakasagot ay inangat na nito ang arm rest na nasa pagitan nila at sumandal na sa balikat niya. “Margareth?”

“Bakit?”

“Hindi kita tsinatsansingan, ha.”

“Okay.”

“Mabigat ba ako?”

“Hindi.”

“Margareth?”

“O?”

“Okay lang huminga. Chill,” Leo said, and laughed softly when she pinched his ear.

5

Margareth wanted to watch the movie. Really. But she couldn't concentrate as Gunner snuggled deeper into her neck. *Ano ba 'to nakikiliti na ako.*

He appeared to be in deep sleep. He was even snoring.

"Gunner," she whispered, shaking his arm. "Tara na, uwi na tayo."

"Hmm..."

Diyos ko naman! Hindi ba nito alam na matindi kiliti ko sa leeg?

"Gunner! Ay! Ano ba 'yan! Nakikiliti ako sabi!"

"Shh! Ano ba 'yan, ang ingay ninyo! Pwedeng 'wag kayong magharutan dito sa loob ng sinehan?" galit na sabi ng babaeng nasa bandang likuran nila.

"Sorry po," Margareth murmured. Naisip niyang mabuti na lang at madilim sa sinehan dahil kung hindi ay makikita ng mga tao na kasing-pula na ng hinog na kamatis ang mga pisngi niya sa hiya. "Sorry po ulit."

"Ang mga kabataan ngayon talaga! Kahit saang lugar na lang!"

"Wala ba kayong pang-motel?" sabat ng isa pa. "Kung makapaglandian sa loob ng sinehan wagas!"

"Hindi naman po kami—"

"Lumabas na lang kayo kung ayaw ninyong manood!"

"Sorry po, pasensya na po—"

“Sorry nang sorry, magsimba nga kayo nang malaman ninyo ang tama sa mali!”

“Ang ingay po ninyo, mga ate,” Leo suddenly spoke, moving away from Margareth. “Ang tindi po ninyong manghusga. Nagsisimba pa po kayo sa lagay na ’yan, ano?”

“Uy, Gunner, ano ba. Huwag ka nang makipag-away d’yan!” Margareth hissed.

“Bastos, eh. Akala mo kung sinong mga santa. Besides, it feels good to finally say something as kick-ass as what I’ve said dahil madilim at hindi nila ako makikilala,” pabulong nitong sabi.

“Ano ba ’yan! Lumabas na lang kayo ng sinehan, pwede?”

“Wala po kaming ginagawang malaswa, mga ate. Get your heads out of the gutter and just watch the movie.”

“Sorry po, pasensya na po! Halika na!” Margareth whispered and pulled Gunner to his feet.

Lumabas sila ng sinehan at hindi alam ni Margareth kung matatawa ba siya o maiiyak sa nangyari. It was not every day that she was told off inside a movie theatre.

“Oh, shit...” Leo whispered, looking intently at her.

Margareth arched her brow at him. The theater’s hallway was deserted. “Anong drama ’yan? Huwag mo akong tatakutin, sisipain talaga kita.”

“Sorry, Margareth. Hindi ko talaga sadya.”

“Bakit?”

“Nalawayan kita. Sorry talaga.”

“Ha?” Margareth looked at her blouse and grimaced at the round, wet spot just below her shoulder. “This is... gross.”

“May panyo ako, punasan mo na lang. Pasensya na,” Leo

said, looking embarrassed.

Margareth smiled, taking pity on him. “Uy, okay lang.”

“Sorry, hindi ko talaga sinasadya.”

“Okay nga lang. Maarte lang talaga ako. Punta lang akong ladies’ room.”

“Samahan na kita. Maghihintay ako sa labas.”

“Huwag kang mailang sa akin, ano. A little saliva is actually healthy for one’s being,” Margareth joked.

Leo smiled. “Oo nga naman, dapat ka pa palang magpasalamat sa akin. O, ’ayan na ang pinto ng ladies’ room. Sigaw ka lang kung kailangan mo ako.”

Margareth rolled her eyes at him before going inside the bathroom.

She was dabbing the wet part of her blouse with a tissue when she heard a woman shriek just outside the door.

Lumabas siya kaagad ng banyo at nakita ang grupo ng mga babaeng nagtititili at yumayakap kay Leo.

“Si Gunner Gonzales!”

“Oh my God, oh my, God! Pa-pic, please, Gunner!”

“Gunner, I love you so much!”

“Ayyy! Pwede na akong mamatay! Nahawakan ko na si Gunner Gonzales!”

“Pa-kiss, Gunner!”

“Pasensya na po, pwede pong mamaya na po?” she could hear Gunner repeatedly say.

At nang lalong dumami ang tao roon, nagkagulo na ang lahat.

Margareth was not sure what she should do—hihilahin ba niya si Gunner palabas o hahayaan ang mga fans na pagkaguluhan ito?

“Margareth!” he exclaimed when he saw her.

The mob hounding him turned their heads to look at her.

“Hello po,” Margareth smiled uneasily.

“Sino ’yang girl?”

“Dali, kuhanan natin ng picture!”

“Is that Gunner Gonzales’ girlfriend?”

Leo took Margareth’s hand as the crowd closed in on them. “Excuse us po. Pwede pong padaan?” His fans, however, were deaf to his pleas. “Teka lang—” They took pictures of him. “Teka lang po—” he protested again as someone grabbed Margareth’s hair. “Teka lang sabi!”

The crowd looked surprise that he yelled at them and they watched as Leo smoothed Margareth’s hair off her face.

“Okay ka lang?” he asked. All she could do was nod.

“Huwag naman po kayong manakit,” sabi nito sa mga taong nakapalibot sa kanila.

That was when the cinema’s security team arrived.

“Tabi po muna tayo,” sabi ng isa sa mga nakikiusyoso.

The guard also showed them an exit path.

The news that Gunner Gonzales was in the mall with a girl started to spread as people informed their friends about it. Tuloy, habang naglalakad ay mas maraming tao pa ang nakaabang sa kanila.

“Gunner, girlfriend mo?”

“Sino siya, Gunner?”

“Hindi ba si Margareth ’yan? ’Yung anak ng direktor?”

“So, totoo nga ang balita na sila na?”

Apat na guards ang kasama nila. Ang dalawa ay parehong may kausap sa walkie-talkie samantalang ang isa ay hawi nang hawi sa mga babaeng pilit na lumapit kay Gunner.

They reached a small hallway. Sa dinami-dami ng pasikut-sikot na dinaanan nila ay hindi alam ni Margareth kung paano sila lalabas kaya hinigpitan niya ang paghawak sa kamay ng binata.

Ayokong maiwan at mawala dito, she thought illogically.

She might have appeared calm, but Margareth was panicking inside. Sa dami ng mga taong kumuha ng litrato nila ni Gunner, malamang marami rin sa mga iyon ang magpo-post sa social media. At malamang ay makikita ng ibang taga-industriya kaya siguradong-sigurado siyang malalaman ng daddy niya.

“Dito, Margareth,” sabi ni Leo.

“Nasaan na tayo?” she asked in a whisper.

“Huwag kang matakot, kasama mo ako.”

Pumasok sila sa isang opisina at tumayo ang mga nasa loob niyon. “Good afternoon po,” bati ng mga ito.

One of the men in polo barong stepped forward. “Dito po, Sir.” Pumasok sila sa isa pang kuwarto na may TV, round table at apat na upuan. “Maupo po kayo, Sir.”

“Salamat po,” sabi ni Leo.

He knew that Margareth was shaken. Siya nga na ilang taon na sa industriya ay hindi pa rin sanay sa ganoong klaseng *gulo*, paano pa kaya si Margareth na sa tanang buhay nito ay parang noon lang nakaranas ng *mobbing*.

“Okay ka lang, Margareth? Kausapin mo naman ako. May kailangan ka ba? Gusto mo ba ng tubig?”

“Ikukuha ko po kayo ng tubig, Sir,” sabi ng lalaking kasama nila.

“Maraming salamat po, Sir.” Iniwan muna sila nito.

“Margareth, magsalita ka naman please.”

“Okay lang ako, Gunner.” Margareth’s voice was so soft it was barely audible.

“Sorry. Kasalanan ko ’to. Hindi man lang ako nag-isip at talagang idinamay pa kita.”

“Okay lang. I’m fine. Pero, gusto ko na sanang umuwi.”

“Okay. Ihahatid kita. Hintayin lang nating ma-disperse ’yung crowd sa labas. I think the guards have a plan kaya panigurado akong—”

“Teka lang, may tumatawag,” she interrupted him. He saw her go pale upon looking at her phone screen. “He... hello...po, Dad?” she asked over the phone.

“Margareth! I leave you for a few hours and you get yourself in another scandal! What are you doing watching a movie with that Gunner Gonzales! Are you out of your mind! Who gave you permission to see him?” her father screamed.

She flinched. “Dad, hindi naman po kami nag-usap. Aksidente lang pong nagkita kami sa mall—”

“Stop lying to me, young lady! Enough with your excuses! N’ung una, ang akala ko ay biktima ka lang sa iskandalong kinasasangkutan ng tarantadong ’yan, but after this little escapade, I have half a mind to believe na totoo nga ang balita at kaya ka pumayag umuwi dito sa Pilipinas ay para makipagkita nang personal sa batang ’yan!”

“Dad, I am not lying.” Margareth started to sob. “Noon lang po kami nagkakilala. Pangalawang beses lang po naming nagkita ngayon at—”

“I told you to stop lying!”

“Dad, ’yun po ang totoo, maniwala naman po kayo sa akin. Itong pagkikita namin ngayon ay hindi po planado—”

“Hindi planado? But the fact remains na sumama ka sa

lalaking 'yan!" Direk Teo shouted over the phone.

Margareth bit her lower lip to stop it from trembling. "Sorry po," she whispered and heard her father mutter a series of expletives under his breath.

"Stay where you are! I am coming for you." Her father ended the call.

"Margareth, I'm so sorry."

"Okay lang," Margareth replied, wiping her eyes with the neckline of her blouse.

"Ako ang may kasalanan dito. Pati d'un sa naunang issue natin. Everything's my fault. Sana hindi na lang kita niyayang samahan ako ngayon."

"I'm fine."

"Gareth, stop saying you're fine when we both know that you're not."

"Ano'ng gusto mong sabihin ko? Oo, masama ang loob ko dahil sinuway ko ang daddy ko kaya nasangkot ako sa gulong ito? Na, oo, ang tanga-tanga ko, aalis na nga lang ako ay sasaktan ko pa ang tatay ko and all because I was bored staying at home? 'Yun ba ang gusto mong marinig?"

"Margareth—"

"I am afraid, Gunner. I am afraid that because of our escapades ay maapektuhan ang trabaho ng daddy ko. Alam mo ba kung gaano niya kamahal ang trabaho niya? More than he'll ever love me or Mom," she replied, her tears falling unbidden down her face. "And I ruined it. I ruined it for him."

"'Yan ang naisip mo? Ang trabaho ng daddy mo? That says a lot about your relationship with him, Gareth."

"Ano ba, Gareth ka nang Gareth lalo tuloy akong

naguguluhan. It's Margareth or Mage."

"Mage?"

"Yes. At sino ka naman para lecture-an ako tungkol sa relasyon ko sa tatay ko, aber?"

"I'm sorry. I didn't mean to make you more upset. It's just that, alam kong hindi mo masisira ang reputasyon ng daddy mo, Mage. Isa siyang haligi sa industriya. Besides, direktor siya at hindi siya artista kaya hindi matitinag ang track record niya bilang isang magaling na direktor dahil lang dito."

They heard a knock. Pumasok ang lalaking lumabas para kumuha ng tubig. Hindi alam ni Margareth kung kanina pa ito nakikinig sa usapan nila ni Gunner at medyo nahihiya siyang tingnan ito.

"Uminom muna kayo. Ako pala si Rommel, OIC po ng Customer Relations. Nakausap ko na ang head ng security ng mall at ginagawan na po ng paraan kung paano kayo mas mabilis na makakalabas dito."

"Marami pong salamat, Sir," Leo replied.

"Eh, Sir, pwede bang makakuha ng autograph ninyo? May pamangkin kasi ako na mag-bi-birthday sa susunod na linggo at gustung-gusto niya po kayo."

"Oo naman po," Leo said. "Ayaw n'yo po ng picture?"

"Okay lang po ba?"

"Okay na okay po." Leo signed the piece of paper that he was given. Tumayo ito at lumapit sa OIC.

Rommel took his phone out of his pocket. Si Leo na ang kumuha ng picture.

"Maraming salamat po talaga, Sir! Naku, natutuwa po 'yun."

Tumunog ang telepono ni Leo at agad niya iyong kinuha mula sa bulsa niya. “Excuse me lang po. Kailangan ko lang pong sagutin itong tawag na ’to.”

“Okay po, sa labas po muna ako.” Rommel stepped out of the room.

“Nanay Luz! Kumusta ang napakaganda kong Nanay?” ani Leo sa telepono. Sumenyas siya ng pasintabi kay Margareth bago tumalikod.

“Heh! Huwag mo akong binobola-bola, ha, Leo! Ikaw talagang bata ka, masyado kang pasaway, eh! Alam mo bang natuyo na ang dugo ko sa katawan nang dahil sa ’yo at isa-isa nang nalalaglag ang mga buhok ko sa ulo nang dahil sa kunsumisyon?”

“Nanay Luz naman. Talagang nangungunsumi kayo sa akin? Sa bait kong ito?”

“Galileo Zander Gonzales, hindi ako nakikipagbiruan sa ’yo, ha! Ano ba itong gulong pinasok mo? Ito na si Mr. M tumatawag na, at sa totoo lang, ayoko siyang sagutin dahil hindi ko alam ang sasabihin ko.”

“Hindi ko naman po sadya, Nay. Ang totoo ay hindi naman po kami nag-usap ni Margareth at nagkita lang talaga kami sa mall.”

“Eh, kung hindi ka sana pumuntang mall at dumerecho ka sa bahay mo ay hindi mangyayari ito!”

“Nay, nangyari na po. Nandito po kami ni Margareth ngayon sa opisina ng mall—”

“Magkasama pa kayo hanggang ngayon?”

“Alangan naman pong iwan ko? Si Nanay Luz talaga, sobrang palabiro.”

“Hoy, Leo, hindi ako nakikipagbiruan sa ’yo, ha! Umayos

ka!”

“Sorry na, Nay.”

“Sagutin mo nga akong bata ka, girlfriend mo ba ’yang anak ni Direk Teo?”

“Hindi pa po.”

“Anong hindi pa po? Ibig sabihin may balak ka? Hindi mo ba kilala tatay n’yan? Kakainin ka nang buhay n’un!”

Just then, the door opened to reveal a huffing Direk Teo.

“Nay. Mamaya na po tayo mag-usap ulit.”

“Bakit?”

“Basta po. Bye, Nay.”

“Gunner!” Direk Teo yelled angrily. “What did you do?” he demanded.

Margareth rose to her feet, but kept staring at her shoes.

“Wala naman po kaming ginawang masama, Direk.”

“Anong wala? You are all over the news! They are saying na girlfriend mo ang anak ko at matagal na kayong magkakilala!”

“Kakakilala lang po namin, Direk, pero...”

“Pero, ano?”

“Pero pwede po bang gawin nating official ang panliligaw ko sa anak n’yo?”

Margareth groaned in exasperation.